Mga Pamilya at Child Outcome Summary (Buod ng Kalalabasan ng Isang Bata)

PAANO ITO GUMAGANA?

Ang proseso ng buod ng kalalabasan ng isang bata

Kinokolekta ng Child Outcome Summary (Buod ng Kalalabasan ng Isang Bata, COS) ang data sa ginawang progreso ng mga bata sa maagang pagsuporta. Ang buod ng impormasyon tungkol sa tatlong kinalabasan ay kokolektahin sa oras ng pagpasok at paglabas ng iyong anak mula sa mga serbisyo ng maagang suporta.

ANO ANG TATLONG MAHAHALAGANG KALALABASAN?

Pagsubaybay sa mga kalalabasan

- Positibong panlipunan-emosyonal na kasanayan at pakikipagkapwa
- Pagkatuto at paggamit ng mga kaalaman at kasanayan
- Paggamit ng naaangkop na mga pag-uugali para matugunan ang mga pangangailangan.

SINO ANG NAGPAPASYA SA PROGRESO?

Ang halaga ng mga magulang at tagapangalaga

Kinikilala ng mga serbisyo ng maagang suporta na ang mga magulang at iba pang tagapangalaga ang pangunahing guro ng maliliit na bata. Palaging hinihikayat ang mga magulang na makilahok. Mga magulang ang mas nakakakilala sa mga bata. Kailangan natin ang mungkahi nila.

PAANO GINAGAMIT ANG BUOD NG IMPORMASYON?

Pagsukat sa kalidad ng mga serbisyo ng maagang suporta

Ang impormasyon sa buod ay nagsasabi sa iyong lokal na programa at koponan ng Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Maliliit na Bata, ESIT) ng estado kung paano nakakatulong ang mga serbisyo ng maagang suporta sa mga sanggol, bata, at pamilya; sumusuporta sa ESIT sa pagpapabuti ng mga serbisyo; at nagbibigay ng datos para sa Annual Performance Report (Taunang Ulat ng Pagganap ng Estado, APR). Available ang APR sa publiko.

PROTEKTADO BA ANG IMPORMASYON NG AKING ANAK?

Priyoridad ang data privacy

Oo, protektado ang impormasyon ng iyong anak. Buod lamang ng data ang iuulat. Ang iyong pangalan at ang pangalan ng iyong anak ay hindi ilalakip sa buod ng impormasyon na iuulat. Ginagamit namin ang mga data na ito upang ipakita kung gaano kaepektibo ang mga serbisyo ng maagang suporta.

Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES

Kung nais mong magkaroon ng mga libreng kopya ng publikasyong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Pakikipag-ugnayan sa Sangay ng DCYF sa 1-800-723-4831 o mag-email sa ***communications@dcyf.wa.gov****.*

DCYF PUBLICATION FS_0025 TA (03-2025) Tagalog